Komisyong Pang-ugnayan Ng Komunidad at Pulisya ng National City

FORM NG PAGKONTAK

Sagutan at pirmahan itong form at ipadala sa direksiyong nakasulat sa ibaba. Maaari kayong kontakin para sa karagdagang impormasyon.

IMPORMASYON TUNGKOL SA NAGREREKLAMO/NAGPAPAHIWATIG

APELYIDO _____ **PANGALAN** _____ **Panggitnang Inisyal**____ **Para Sa Komisyon Blg.**

TIRAHAN_____ **LUNGSOD/ESTADO**_____ **ZIP** _____

DIREKSIYONG PINADADALHAN NG SULAT (kung iba)_____

NUMERO NG TELEPONO SA BAHAY _____ **SA TRABAHO** _____

IBA PANG NUMERO NG TELEPONO_____

NASASANGKOT NA (MGA) PULIS, KUNG KINAKAILANGAN (isama ang Numero ng Tsapa at Numero ng Ulat sa Pulisya, kung alam ito)

_____

_____

IMPORMASYON TUNGKOL SA PANGYAYARI (Kung Kinakailangan)

PETSA_____ **ORAS** _____ **LOKASYON** _____ **Para Sa Komisyon Blg.**

BUOD NG REKLAMO/PAHIWATIG (ilakip ang mga karagdagang pahina kung kinakailangan)

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Pirma ng Nagrereklamo/Nagpapahiwatig_____ **Petsa**_____

GINAWA NG KOMISYON (Para lamang sa paggamit ng NCCPRC)

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

PETSA NG GINAWA _____ **IPINAALAM SA NAGSUMITE Hindi Oo PETSA**_____

Ipadala sa: NCCPRC, 1243 National City Boulevard, National City, CA 91950

PORMULARYO NG PAMAMARAAN UKOL SA REKLAMO NG KOMISYON SA MGA RELASYON NG KOMUNIDAD AT PULISYA NG NATIONAL CITY

Ang Komisyon sa mga Relasyon ng Komunidad at Pulisya ng National City (National City Community and Police Relations Commission) ay naglilingkod bilang isang independiyente, walang kinikilingan at walang pinapanigang tanggapan na nakahandang maglingkod sa publiko. Ito ay isang organisasyon para sa pagpapahusay ng mga relasyon ng pulisya at komunidad at ng pagpapabilis ng paglutas ng mga hidwaan tuwing magagawa. Ito ay nagkakaloob ng isang talakayan para sa mga mamamayan upang sabihin ang kanilang mga inaalala, komento tungkol sa kilos, mga gawain at patakaran ng pulisya at nagpapahusay ng komunikasyon sa pagitan ng mga mamamayan at ng Kagawaran ng Pulisya ng National City

Ang Komisyon sa mga Relasyon ng Komunidad at Pulisya ng National City ay binigyan ng kapangyarihan na tanggapin at imbistigahan ang mga reklamo tungkol sa mga Tauhan ng Kagawaran ng Pulisya ng National City para sa paratang na maling kilos, at upang irekomenda ang mga angkop ng pagbabago sa mga patakaran at pamamaraan ng Kagawaran ng pulisya patungo sa mga hangarin na ipagsanggalang ang mga karapatan ng mga tao at itaguyod ang matataas na pamantayan ng kakayahan, kahusayan at katarungan sa pagkakaloob ng mga serbisyong pagbabantay sa komunidad.

Matapat na inaasahan na hindi na sana ninyo kailangang gumawa ng reklamo tungkol sa mga serbisyo ng pulisya. Kung kailanganin ninyo, gayunman, makakatiyak kayo na magkakaroon ng obhetibong imbestigasyon ng inyong reklamo, ang katotohanan ay itatatag at ang pangwastong aksyon para sa maling kilos ay gagawin upang pangalagaan ng tiwala ng publiko. Ang inyong reklamo ay bibigyan ng seryosong pagsasaalang-alang.

MGA SAGOT SA MGA PINAKAKARANIWANG KATANUNGAN TUNGKOL SA PROSESO NG REKLAMO

Paano kung gusto kong magreklamo? Kung naniniwala ka na ang isang miyembro ng Kagawaran ng Pulisya ng National City ay nakagawa ng isang maling kilos, maaari kang magharap ng pormularyong ito.

Saan ako pupunta upang magreklamo? Ang mga pormularyo ay maaaring kunin at iharap sa mga sumusunod na lokasyon: Aklatan ng National City, Tanggapan ng Lunsod, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Komunidad. Maaari ka ring deretsong pumunta sa Kagawaran ng Pulisya ng National City, 1200 National City Blvd., National City, sa mga regular na oras ng trabaho.

Ano ang mangyayari pagkatapos kong magharap ng reklamo? Maaaring suriin ng Komisyon sa mga Relasyon ng Komunidad at Pulisya ng National City ang reklamo at kapanayamin ang nagreklamo para sa pagkumpleto. Pagkatapos ay ipapadala ang reklamo sa Kagawaran ng Pulisya ng National City para sa pormal na imbestigasyon.

Kung pinili mong magpatuloy sa isang pormal na reklamo, ito ay ipapadala sa Yunit ng mga Panloob na Gawain para sa pagproseso at pagtatalaga. Sa sandaling magtalaga ng isang numero ng pagtunton sa iyong reklamo, ikaw ay tatanggap ng nakasulat na paunawa na ang iyong reklamo ay itinalaga sa isang imbestigador sa loob ng pitong (7) araw. Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang imbestigador para sa mga karagdagang detalye.

Sino ang mag-iimbistiga sa aking reklamo? Ang Komisyon sa mga Relasyon ng Komunidad at Pulisya ng National City ay magrerepaso sa imbestigasyon na ginawa ng superbisor ng empleyado o ng Yunit sa mga Panloob na Gawain para sa kahustuhan at mga resulta.

Ano ang mangyayari sa mga kasangkot na empleyado? Kung ipinasiya ng imbestigasyon na ang ikinilos ng empleyado ay hindi wasto, ang empleyado ay maaaring humarap sa aksyong pandisiplina.

Sasabihin ba sa akin kung nakumpleto na ang imbestigasyon? Oo, ikaw ay pasasabihan sa pamamagitan ng koreo na ang imbestigasyon ay nakumpleto na at sasabihin sa iyo ang mga resulta. Dahil ang Kodigo sa Parusa ng California ay nag-aatas na ang mga bagay ay panatilihing kompidensiyal, hindi sasabihin sa iyo ang uri o dami ng disiplina na tatanggapin ng empleyado.

PAG-URONG NG REKLAMO

Ngayon ay naniniwala ako na ang kilos o pagganap ng kasangkot ng opisyal o empleyado ng Kagawaran ng Pulisya ng National City ay makatwiran, ayon sa batas, o sumusunod sa mga tuntunin, regulasyon o pamamaraan ng Kagawaran ng Pulisya ng National City o ng batas ng estado.

Dahil dito, iniuurong ko ang aking reklamo nang walang pangamba ng anumang pagbabanta, pamumuwersa o pananakot.

Pirma: _____ Petsa:_____ Nasaksihan ni: _____ Petsa: _____

Ang Kodigo sa Parusa 148.6 (b) ay nag-aatas ng sumusunod na paunawa:

May karapatan kang magreklamo laban sa isang opisyal para sa anumang hindi wastong kilos bilang miyembro ng pulisya. Ang batas ng California ay nag-aatas sa ahensiyang ito na magkaroon ng isang pamamaraan upang imbestigahan ang mga reklamo ng mamamayan. May karapatan ka sa isang nakasulat na paglalarawan ng pamamaraang ito. Maaaring ipasiya ng ahensiyang ito pagkatapos ng imbestigasyon na walang sapat na ebidensiya upang gawan ng aksyon ang iyong reklamo; kahit ganoon ang kaso, may karapatan kang magreklamo at ipaimbistiga ito kung naniniwala ka na ang tanggapan ay gumawa ng hindi wastong pagkilos. Ang mga reklamo ng mamamayan at anumang mga ulat o pasiya na may kaugnayan sa mga reklamo ay dapat panatilihin ng ahensiya ng hindi kukulangin sa limang taon.

Nabasa ko at naiintindihan ang pahayag sa itaas. Sa pamamagitan nito ay pinatutunayan ko na ang mga ipinahayag sa itaas at totoo at tama sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag sa ilalim ng mga batas ng California.

Pirma: _____ Petsa:_____ Nasaksihan ni: _____ Petsa: _____